



**26/04/2020**

**Ang mga alituntunin na kinakailangan upang mapanatili ang kalusugan ng publiko**

**Mga Tindahan sa pampublikong lugar**

1. Ang may ari ng Negosyo o shop ay magsusumiti sa mga local na awtoridad bago magsimulang magbukas ng shop deklarasyon na may pirma na nagsasaad ng pagsunod sa mga alituntunin na nakasaad
  2. Ang operator o may hawak ng responsibilidad ng shop o tindahan isasaayos hanggat maari ang pagsukat ng temperature ng katawan sa bawat pumapasok sa loob ng tindahan at tatanungin ang bawat tao na pumapasok tungkol sa mga palatandaan ng sakit na Corona Virus
  3. Ang employer ay magtatalaga ng kaukulang trabaho base sa shifting na separado
  4. Magtatalaga ng isang empleyado na magiging responsable tungkol sa Corona Virus
  5. Maglalagay ng dibisyon para maiwasan ang pag {transfer} pag lipat ng mga maliliit na likido sa pagitan ng nagtitinda at bumibili
  6. Ang mga empleyado kinakailangang magsuot ng face mask
  7. ang taong nakatala at responsable sa tindahan o shop pananatilihin ang mga alituntunin tungkol sa hygiene o kalinisan kasama na ang pagdidisempekta ng mga surfaces o ibabaw na mga kagamitan
  8. ang may ari ng negosyo ay sisiguruhin ang bawat tao na papasok sa tindahan o shop/ kailangan mag suot ng face mask, maglalagay ng signage o karatula na kailangan magsuot ng face mask at bawal magbigay o bigyan ng serbisyo ang sinuman na walang suot na face mask
  9. Panatilihin ang distansya ng 2 metro sa pagitan ng tao na nanatili sa loob ng tindahan at siguraduhin na maiwasan ang pagpupulong pulong o pulutong sa may pasukan ng tindahan
  10. Maglalagay ng marka ng linya sa loob ng tindahan o shop kung saan dapat pumila ang mga kliyente o mamimili sa pagitan ng cashier para mapanatili ang layo o distansya ng mga tao
  11. Maglalagay ng signage sa lugar na kung saan visible sa mata ng mga tao na nakasulat ang alituntunin na panatilihin ang distansya sa bawat isa at bilang ng mga pinapayagang pumasok na customer sa loob ng tindahan
  12. Regulasyon sa pagpasok ng mga bisita: pinagbabawal ang pananatili sa isang lugar na hihigit sa 2 customer sa bawat registered cashier sa loob ng tindahan o negosyo na ang laki ay hihigit sa 100 metro, pinagbabawal ang pananatili ng mahigit sa 4 na customer sa bawat cashier
- Ang may ari ng negosyo ay magtatalaga at maglalagay ng mekanismo tungkol sa paghigpit ng bilang ng mga taong pinapahintulatang pumasok sa loob ng shop ayon sa mga alituntunin na pinatupad



**Ang mga patakaran na kinakailangan upang mapanatili ang kalusugan ng publiko**

**Mga Restorante at mga Coffee Shops:**

1. Pinapayagan ang personal na pagkuha {take out} at karagdagang pagpapadal
2. Pinag babawal ang pag tatambay sa lugar
3. Sa Counter ng negosyong lugar kailangan maglagay ng dibisyon para maiwasan ang pag langhap ng mga likido sa hangin sa pagitan ng salesperson at bumibili
4. Ang employer ay magtatalaga ng isang grupo ng mga empleyado sa separadong shift
5. Panatilihin ang 2 metro na distansya sa pagitan ng mga tao sa loob ng isang lugar
6. Panatilihin ang mga alituntunin sa {hygiene} kalinisan kasama ang pagdidisimpekta ng mga estante o ibabaw
7. Panatilihin ang pagsusuot ng face mask at guwantes
8. Pagpasok ng mga bisita: pinagbabawal ang humigit sa 2 katao na kliyente sa bawat isang cashier sa loob ng negosyo na ang laki ng lugar ay higit sa 100 metro, pinagbabawal ang mahigit na 4 na katao sa bawat cashier
9. Sisiguraduhin ng may ari ng Negosyo sa bawat pumapasok sa loob ng shop\ magsuot ng face mask, maglagay ng babala karatula na karapatdapat na magsuot ng face mask at pinagbabawal na bigyan ng serbisyo ang sinuman na pumasok na walang suot na face mask
10. Maglagay ng signage na nag sasaad ng mga alituntunin na {keep distance} distansya sa bawat tao at bilang ng mga kliyenteng pinapahintulutang pumasok



## **Ang mga alituntunin na kinakailangan upang mapanatili ang kalusugan ng publiko**

### **Mga hair salon, beauty salon at kosmetika**

1. Ang may ari ng shop o tindahan o taong responsable sa shop ay mag susumiti sa local na gobyerno bago mag umpisa ng aktibidad sa negosyo o shop deklarasyon ng may pirma na nakasaad na ang may ari ng negosyo ay sumusunod ayun sa mga naturang alituntunin
2. Ang may ari ng negosyo ay mag tatalaga ng tao sa lalong madaling panahon na mag susukat ng temperature ng katawan ng tao sa bawat pumapasok sa tindahan o shop at tatanungin ang bawat isa na papasok sa shop tungkol sa mga simtomang ng Corona Virus
3. Ang employer ay magtatalaga ng isang grupo ng mga empleyado sa separadong shift
4. Pagpapanatili ng mga panuntunan ng kalinisan {hygiene} lalong lalo na sa pag didisimpekta ng mga surfaces o ibabaw, pag didisimpekta ng mga tools o gamit at mga kagamitan, upuan or kama na ginagamit sa pag-aalaga sa bawat pasyente, laundry o pag lalaba ng mga tuwalya bath robe sa bawat customer
5. Ang bawat empleyado sa loob ng shop kailangang mag suot ng guwantes sa bawat customer at kailangang magpalit ng guwantes sa bawat customer
6. Kailangang magsuot ng face shield na naka cover ang mga mata at kinakailangang mag suot ng face mask na naka cover ang bibig at ilong
7. Panatilihin ang distansya ng 2 metro sa bawat tao sa loob ng salon o shop at mag lalagay ng signage ayun sa alituntunin
8. Ang may-ari ng shop o negosyo sisiguraduhin na ang bawat papasok sa shop ay nakasuot ng face mask, maglalagay ng signage na nakasaad ang mga alituntunin base sa pagsusuot ng face mask at pinag babawal ang pag bibigay ng serbisyo sa sinumang pumasok sa shop na walang suot na face mask
9. Mga alituntunin sa pag pasok ng customer: pinag babawal ang pagtanggap ng customer sa loob ng shop na hihigit sa 2 bilang na katao sa bawat hair salon bilang karagdagan hindi pinapahintulutan sa loob ng shop ang mahigit na customer sa pang kalahatang bilang sa loob ng shop na ang laki ay 75 metro – hindi pinapahintulutan ang sosobra sa bilang na 6 na customer, sa mahigit na 100 metro ang laki ng shop at hindi sosobra sa bilang na 8 mga customer  
Ang may ari ng shop ay mag tatalaga ng mekenismo patungkol sa restriktong pagpapatupad sa bilang mga customer
10. Maglalagay o magtatalaga ng signage sa lugar ng shop na kitang kita sa mata ng tao ang bilang ng mga customer na allowed o pinapayagan sa loob ng shop

Ministry ng Kalusugan

Para sa isang mas malusog na buhay